# KATARUNGANG PAMBARANGAY

*Tagalog Version*




SALIGAN

**SENTRO NG ALTERNATIBONG LINGAP PANLEGAL**

# SALIGAN

**Main Office**
Ground Floor, Cardinal Hoffner Training Center
Social Developmental Complex
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City 1108
Tel.: +63 2 4266124(telefax)
saligan@saligan.org

**Bicol Branch**
Unit 4 Reyta-Tondo Townhouses, Camagong Street,
Mariano Village, Balatas, Naga City
Tel.: (054) 472-9193
saliganbikol@saligan.org

**Mindanao Branch**
Door 1, 422 Champaca Street,
Juna Subd., Matina, Davao
Tel.: +63 82 2984161(telefax)
saliganmindanaw@saligan.org

KaTaRungan_PamBarangaY.indd 2 6/5/15 11:04 AM

# KATARUNGANG PAMBARANGAY

*Tagalog Version*




SALIGAN

KaTaRungan_PamBarangaY.indd 3 6/5/15 11:04 AM

# *Mga Nilalaman*

I. Katarungang Pambarangay (KP)
- Konsepto ng KP
- Legal na Basehan ng KP
- Layunin ng KP

II. Lupong Tagapamayapa
- Konsepto, Komposisyon at Organisasyon
- Punong Barangay bilang Lupon *Chairperson*
- Kalihim/o ng Lupon
- Kwalipikasyon ng Miyembro ng Lupon
- Proseso sa Pagtalaga ng Lupon
- Termino ng Opisina ng Lupon
- Bakanteng Posisyon sa Lupon
- Kapangyarihan at Responsibilidad ng Lupon
- Karakter ng Trabaho ng Lupon

III. Pangkat Tagapagkasundo/*Conciliation Panel*
- Konsepto ng Pangkat
- Bumubuo ng Pangkat
- Opisyales ng Pangkat
- Pangkat *Chairperson*
- Kalihim/o ng Pangkat
- Bakanteng Posisyon ng Pangkat

IV. Mga Partido sa KP

V. Awtoridad o Hurisdiksiyon ng Lupon


VI. Venue

VII. Proseso ng Katarungang Pambarangay

VIII. Support Mechanism

*Ang babasahing ito ay inilathala ng*
*Sentro ng Alternatibong Lingap Panlegal (SALIGAN)*
*sa tulong ng*
*Katholische Zentrastelle fur Entwicklungshilfe e.V.*

# I. KATARUNGANG PAMBARANGAY: Konsepto, Layunin at mga Legal na Basehan



## KONSEPTO NG KATARUNGANG PAMBARANGAY

### *Ano ang Katarungang Pambarangay?*

Ang Katarungang Pambarangay ay isang sistema nang pangangasiwa ng hustisya sa bawat barangay upang maisaayos ang mga hidwaan sa pamamagitan ng *mediation, conciliation o arbitration* ng mga nakatira sa barangay na hindi na kinakailangan pang dumaan sa korte.

Ang sistema ng Katarungang Pambarangay ay maituturing na isang tradisyonal na paraan ng pagsasaayos ng mga hidwaan sa komunidad ng Pilipinas. Ito ay matagal ng ginagawa simula pa sa panahon ng mga tribu, angkan, pamilya at noong panahong wala pang organisasyong pulitikal katulad ng barangay.

Dahil sa ipinakitang bisa ng sistema ng Katarungang Pambarangay, minarapat ng ating gobyerno na gawing pormal at isama ito sa Sistemang Legal ng ating bansa bilang isang paraan ng pagsasaayos ng hidwaan.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 1 6/5/15 11:04 AM

Dahil dito ang Presidential Decree (PD1508) o Katarungang Pambarangay Law ay pinagtibay noong Hunyo 11, 1978 at naging epektibo naman noong Disyembre 20, 1978. Ang PD 1508 ay isang pagkilala sa mahalagang papel ng tradisyon ng mga Pilipino na ayusin ang hidwaan o hindi pagkakaintindihan ng bawat isa sa barangay sa pamamagitan ng *amicable settlement* na siyang daan upang maitaguyod ang mabilis na pangangasiwa ng hustisya o katarungan.

## LEGAL NA BASEHAN NG KATARUNGANG PAMBARANGAY




**Ano ang mga legal nabasehan sa pagpapatupad ng KatarungangPambarangay?**

Ang Republic Act 7160 (RA 7160) o ang Local Government Code of 1991 (LGC) ang batas na ipinapatupad sa pagpatakbo ng Katarungang Pambarangay. Ang Katarungang Pambarangay ay nakapaloob sa *Sections 399-422, Chapter 7, Title 1, Book III.*

Ang PD 1508 ay pinawalang-bisa na ng RA 7160. Pero kung ating titingnan ang bagong batas, makikita na karamihan sa probisyon nito ay  reiterasyon lamang ng mga probisyon ng PD 1508.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 2 6/5/15 11:04 AM

Base sa Section 421 ng LGC, iprinoklama ng Department of Justice noong Hunyo 1, 1992 ang "Katarungang Pambarangay *Rules*" upang maipatupad ang nasabing mga probisyon sa LGC. Nakapaloob sa *rules na ito* ang mga alituntunin na nagbibigay detalye sa pagtatag, pagpatakbo at pangangasiwa ng Lupong Tagapamayapa at Pangkat ng Tagapagkasundo. Kasama rin dito ang proseso sa pag-aayos ng mga hidwaan sa barangay sa pamamagitan ng *mediation, conciliation* at *arbitration.* Ang mga alituntunin na ito ay naging epektibo noong Hunyo 2, 1992 sa parehas na araw na ito ay opisyal na nailathala sa Official Gazette.

Noong Hulyo 15, 1993 ang Korte Suprema naman ay nag-isyu ng *Administrative Circular No. 14-93* na nagbibigay utos sa lahat ng Korte, bilang kondisyon sa *pagsampa* ng kaso sa korte o sa anumang opisina ng gobyerno na kailangang dumaan muna sa proseso ng Katarungang Pambarangay maliban na lamang kung ang kaso ay labas sa hurisdiksiyon ng Katarungang Pambarangay.

## LAYUNIN NG KATARUNGANG PAMBARANGAY





KaTaRungan_PamBarangaY.indd 3 6/5/15 11:04 AM

### *Ano ang layunin ng Katarungang Pambarangay?*

Ang layunin ng Katarungang Pambarangay ay ang mga sumusunod:

1. Kilalanin ang matagal ng tradisyon ng mga Pilipino tungkol sa pag-aayos ng mga hidwaan sa pamamagitan ng *amicable settlement;*

2. Pagbuo ng makabagong pamamaraan para sa mas mabilis na pangangasiwa ng hustisya/katarungan;

3. Ipatupad ang kautusan ng Saligang Batas na pangalagaan at pagyamanin ang kulturang Pilipino gayun din ang pagpapatatag ng pamilya bilang *basic social institution;*

4. Pagbigay sa mga tao nang dagdag na alternatibo para sa pagdinig ng kanilang mga reklamo;

5. Mabawasan ang mga kasong *isinampa* sa korte; at

6. Pagbutihin ang kalidad ng hustisya na ibinibigay ng korte.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 4 6/5/15 11:04 AM

# II. LUPONG TAGAPAMAYAPA:
# Konsepto at Komposisyon ng Lupong Tagapamayapa




## KONSEPTO, KOMPOSISYON AT ORGANISASYON

### *Ano ang Lupong Tagapamayapa?*

Ang Lupong Tagapamayapa o Lupon ay isang grupo na inoorganisa sa bawat barangay na binubuo ng Punong Barangay bilang *Chairperson* at sampu hanggang dalawangpung miyembro na hinihirang ng Punong Barangay.

Ang bawat barangay ay dapat merong Lupong Tagapamayapa na tatawaging Lupon. Ang pagbuo ng lupon ay *mandatory* sa bawat barangay, ito ay hindi lamang nakabase sa kagustuhan ng Punong Barangay.

Binigyan ng LGC ang Punong Barangay ng kapangyarihan na magdesisyon sa aktwal na bilang ng miyembro ng Lupon Tagapamayapa, kinakailangan lang na ito ay hindi bababa sa sampu (10) at hindi hihigit sa dalawampu (20). Ang bilang ay naka depende sa pangangailangan ng barangay at isinasa alang-alang ang populasyon, bilang ng mga kaso sa barangay at iba pang katulad na basehan.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 5 6/5/15 11:04 AM

**Komposisyon ng Lupong Tagapamayapa**

PUNONG BARANGAY
Chairperson

↓

SAMPU (10) – DALAWAMPU (20)
MIYEMBRO NG LUPON

↓

PANGKAT TAGAPAGKASUNDO

Chairperson
Secretary
Member

## PUNONG BARANGAY BILANG CHAIRPERSON NG LUPON



### Ano ang mga kapangyarihan at responsibilidad ng Punong Barangay bilang *chairperson* ng Lupon?

Itinuturing ng LGC ang Punong Barangay, bilang *chief executive* ng barangay, na pinaka kwalipikadong maging *chairperson* ng Lupon. Siya ang uupong chairperson sa kapasidad na *ex-officio na* ang ibig sabihin ay hindi na kailangan ng hiwalay pang paghirang o



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 6 6/5/15 11:04 AM

*appointment.* Maliban sa mga karaniwang responsibilidad niya bilang Punong Barangay, siya ay kinakailangang umupo bilang *chairperson* ng lupon.

### *Ang Punong Barangay ay kinakailangang:*

1. **Bumuo ng Lupon.**

   Kinakailangan niyang buohin ang Lupon sa panahon at paraan na ipinaguutos ng batas.

2. **Patnugutan ang mga gawain na may kinalaman sa *mediation* o *arbitration.***

   a) Tanggapin ang mga nakasulat na reklamo at isulat ang mga *verbal* na reklamong personal na ipinaabot sa kanya. Pagkatapos tanggapin ang reklamo, ipapaalam ng Lupon Chairperson sa nagrereklamo *(complainant)* ang petsa ng kanilang unang *hearing*. Sa loob nang susunod na araw, sa kondisyon na ito ay may trabaho, mag-iisyu ng *summons* sa nirereklamo *(respondent)* na humarap sa nakatakdang petsa ng *hearing* na hindi bababa sa limang (5) araw simula sa araw na natanggap ang summon;

   b) Pangasiwaan ang panunumpa na may kaugnayan sa pagpapatupad ng Katarungang Pambarangay;

   c) Pasiyahan ang lahat ng reklamo patungkol sa *venue* na ipinaalam sa kanya ng partido habang nagaganap ang *hearing*. Matapos nito, mag-isyu ng *certificate* na nalutas na ang reklamo tungkol sa *venue* o *certificate* na walang isyu tungkol sa *venue;*

   *d)* Mamagitan sa mga hidwaan na sakop ng hurisdiksiyon ng Lupon; at

   e) Bigyan ng desisyon ang pagtatalo ng mga partido sa pamamagitan ng nakasulat na kasunduan ng mga partido na sila ay susunod sa *arbitration award* o desisyon ng Lupon *Chairperson*.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 7 6/5/15 11:04 AM

3. **Buohin ang Pangkat sa kasong walang naabot na pagkakasundo ang mga partido sa pamamagitan ng mediation**

4. **Gawin ang iba pang kapangyarihan at responsibilidad tulad ng**:

   a) Pamunuan ang regular na pagpupulong ng Lupon;
   b) Siguruhin na ang mga responsibilidad ng Lupon ay di napapabayaan lalung-lalo na ang administratibong pamamalakad nang Lupon sa mga Pangkat; at
   c) Ipatupad ang anumang napagkasunduan ng mga partido na nakasaad sa *amicable settlement* o ang desisyon nang mga *arbitrators* tungkol sa hidwaan na syang nakasaad sa *arbitration award* na kinakailangang sundin ng mga partido.

## KALIHIM NG LUPON



### *Sino ang kalihim ng Lupon?*

Ang kalihim ng barangay ang siyang tatayo bilang kalihim ng Lupon.

### *Ano ang responsibilidad ng kalihim ng Lupon?*

Ang mg sumusunod ay tungkulin ng kalihim ng Lupon:

1. Magtago at panatilihin ang record book kung saan nakasulat ang mga reklamo at lagyan ng bilang ayon sa



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 8 6/5/15 11:04 AM

petsa at oras na ito ay naipag-bigay alam sa barangay. Isulat sa *record book* ang pangalan ng mga partido, oras at petsa ng reklamo gayundin ang uri o klase ng kaso;

2. Magtago ng resulta ng lahat ng *mediation proceedings* na ginawa ng Punong Barangay;

3. Magsumite ng report tungkol sa *mediation proceedings* sa tamang korte ng lungsod o munisipyo tulad ng *municipal trial courts, municipal circuit trial courts o metropolitan trial courts*;

4. Itala ang hindi pagsunod ng mga testigo at partido sa *subpoena* na inisyu ng Punong Barangay;

5. Tumanggap at magtago ng lahat ng tala ng pagdinig na isinumite sa kanya ng *conciliation panel* o Pangkat;

6. Magsumite sa tamang korte ng lungsod o munisipyo ng mga napagkasunduan ng mga partido na hindi mas maaga sa ika labing-isa at hindi mas tatagal pa sa ika labing-limang araw simula sa petsa ng kasunduan;

7. Mag-isyu ng *certification* na nagbabawal sa pagsampa ng reklamo upang ito ay dinggin sa korte o anumang ahensya ng gobyerno. Ipapaloob sa nasabing certification ang naganap na pag-uusap sa barangay at ang naabot na kasunduan ngunit ito ay pinawalang bisa ng mga partido;

8. Mag-isyu ng *certification* na nagbabawal sa nagrereklamo *(complainant)* na mag-*sampa* ng kaso o ang nirereklamo *(respondents)* na mag-*sampa* ng *counterclaim* sa korte dahil sa hindi nito pagharap sa Lupon o Pangkat;

9. Mag-bigay ng kopya ng napagkasunduan o *arbitration award* sa lahat na mga partido at sa Punong Barangay;

10. Mag-isyu ng sertipikadong kopya ng anumang pampublikong *record* na nasa pangangalaga nya sa kondisyon na ang mga ito ay hindi *confidential.*



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 9 6/5/15 11:04 AM

## KWALIPIKASYON NG MIYEMBRO NG LUPON



***Sino ang maaring  maging miyembro ng Lupon? Anu-ano ang mga kuwalipikasyon na kailangan para maging miyembro ng Lupon?***

Sino man na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian ay maaring maging miyembro ng Lupon:

1. Aktwal na naninirahan o nagtatrabaho sa barangay kung saan nya ninanais na maging miyembro ng Lupon;

2. Hindi *disqualified* o inalisan ng karapatan sa ilalim ng batas na maging miyembro ng Lupon;

3. May integridad, walang pinapanigan, malayang mag-isip, may sariling paninindigan at reputasyon na pagiging matapat;

4. Nagpahayag ng kanyang kagustuhan na tumulong sa barangay.

Isa sa binago ng LGC sa lumang batas ng Katarungang Pambarangay ay ang natamong edukasyon bilang kuwalipikasyon upang maging miyembro ng Lupon. Hindi rin kinakailangan na may kasanayang legal upang maging ganap na miyembro ng Lupon.

Mas binigyan ng importansya ng LGC ang *moral ascendancy* ng mga respetadong miyembro ng barangay kaysa sa edukasyon o kasanayang *legal*. Pero, hindi ibig sabihin na ang mga abogado



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 10 6/5/15 11:04 AM

ay inaalisan ng karapatan na maging miyembro ng Lupon. Ang pinagbabawal ng LGC ay ang pagharap ng abogado bilang *counsel* o *representative* ng mga partido sa kaso sa barangay dahil ang mandato ng LGC ay ang personal na paghaharap ng mga partido.

### *Kinakailangan bang full-time ang trabaho ng mga miyembro ng Lupon?*

Ang serbisyo ng Lupon ay hindi kinakailangang *full time*. Kinikilala ng LGC na ang isang taong nagtatrabaho, sa pribado o publikong ahensya, ay maaari ding maging miyembro ng Lupon.

Ang isang taong may regular na posisiyon sa gobyerno ay maaring maging miyembro ng Lupon. Ito ay isa sa mga *exceptions* sa polisiyang nagbabawal sa mga *appointive public officials* na humawak ng dalawa o higit pang posisyon.

### *Sino ang mga hindi maari o diskuwalipikadong maging miyembro ng Lupon?*

Ang mga sumusunod ay hindi maaring italaga bilang miyembro ng Lupon:

1. May edad na mas mababa sa 18;

2. Ang mga incompetent, kagaya ng mga sumusunod:
   a. Mga taong naparusahan ng *civil interdiction;*
   *b. Hospitalized lepers;*
   *c. Prodigals;*
   d. Bingi at pipi na hindi marunong sumulat at bumasa;
   e. May kakulangan sa pag-iisip o *unsound mind,* kahit na paminsan-minsan maayos ang kanyang pag-iisip (lucid interval); o yung mga walang kakulangan sa pag-iisip, pero dahil sa kanyang edad, sakit, at iba pang kaparehong rason, hindi nila kayang alagaan ang kanilang sarili at mga ari-arian kung walang tulong ng iba.

3. Nahatulan na may sala sa isang krimen na may kaparusahang perpetual or temporary disqualification na humawak ng pampublikong posisyon;



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 11 6/5/15 11:04 AM

4. Inihalal na opisyal ng gobyerno maliban na lamang kung pinapayagan ng batas o ng kanyang *primary functions* o posisyon.

Ang mga hukom ay hindi maaaring maging miyembro ng Lupon. Isa sa mga layunin ng Lupon ay ang mabawasan ang mga kaso sa korte. Ang pag-*appoint* o paghirang sa mga hukom bilang miyembro ng Lupon ay makakaapekto sa oras nila para mas maibigay ang buong serbisyo sa mga kasong *nakasampa* sa korte.

Ang isa namang pari o *ecclesiastic ay* maaari din na ihirang bilang miyembro ng Lupon.

Importanteng malaman na ang mga miyembro ng Sanggunian kagaya ng kagawad ay hindi rin maaaring maging miyembro ng Lupon, ngunit ang mga *appointive barangay officials* ay hindi pinagbabawalang maging miyembro ng Lupon.

5. Miyembro ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas o *Armed Forces of the Philippines (AFP)* na nasa aktibong serbisyo o *duty*.

## PROSESO SA PAGHIRANG NG MIYEMBRO NG LUPON






KaTaRungan_PamBarangaY.indd 12 6/5/15 11:04 AM

### *Paano binubuo ang Lupon?*

Ang mga sumusunod ay ang proseso sa pagbuo ng Lupon:

1. Ang mga Punong Barangay, sa loob ng labing-limang (15) araw simula ng sila ay naupo sa posisyon, ay mag-iisyu ng *notice* tungkol sa pagbuo ng Lupon.

   Nakalagay sa *notice* ang mga pangalan ng mga gustong maging miyembro at nagpahayag ng kanilang kusang loob na pagsang-ayon.

2. Ang *notice* na ito ay ipapaskil sa lugar na madaling makita ng mga tao sa loob ng tatlong (3) linggo. Ito ang tinatawag na *posting period.*

3. Sa loob ng *posting period*, sino man sa barangay ay maaaring magpahayag ng kanilang pagtutol o oposisyon o magrekumenda sa paghirang nang sino mang nakalista sa *notice.* Ang mga dahilan ng oposisyon at rekumendasyon ay dapat ipaabot sa Punong Barangay sa loob ng *posting period* na tatlong (3) linggo.

4. Pagkatapos mapagisipan at timbangin ang oposisyon at rekumendasyon sa magaganap na paghirang, ang Punong barangay sa loob ng sampung (10) araw pagkalipas ng *posting period* ay kinakailangang i-hirang ang mga taong sa tingin nya ay nararapat na maging miyembro ng Lupon.

   Ang paghirang ay dapat nakasulat sa papel, nilagdaan ng Punong Barangay at pinatunayan ng kalihim ng barangay.

5. Matapos ihirang, ang bawat miyembro ng Lupon ay manunumpa sa harap ng Punong Barangay.

6. Ang listahan ng mga hinirang na miyembro ng Lupon ay kinakailangang nakapaskil sa tatlong (3) lugar na madaling makita sa barangay sa loob ng kanilang termino.

### *Maari bang magpahayag ng pagtutol sa gagawing paghirang ng miyembro ng Lupon ang sino man sa barangay?*



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 13 6/5/15 11:04 AM

Oo. Kahit sino ay maaring magpahayag sa Punong Barangay ng kaniyang pagtutol sa gagawing paghirang ng sino mang nasa listahan ng nais ihirang sa dahilan na hindi sya kuwalipikado o hindi nya taglay ang katangiang nababagay sa miyembro ng Lupon.

***Pwede bang magrekumenda ang sino man sa barangay kahit wala sa listahan para maging miyembro ng Lupon?***

Oo. Pero ang *endorsement o* rekumendasyon ay kailangang gawin sa loob ng *posting period* na hindi bababa sa tatlong (3) linggo.

***Paano bubuohin ang Lupon sa mga bago pa lang na barangay?***

Para sa mga barangay na bago pa lamang buohin, kinakailangang buohin ng Punong Barangay ang Lupon sa loob ng dalawang (2) buwan simula ng siya ay naupo sa posisyon. Sa ganitong sitwasyon, ang termino ng miyembro ng Lupon ay sabay sa termino ng naghirang na Punong Barangay.

## TERMINO NG OPISINA NG LUPON

***Ano ang termino sa pag-upo ng mga miyembro ng Lupon?***

Mananatili sa posisyon ang mga miyembro ng Lupon hanggang hindi pa nabubuo ang bagong Lupon pagkalipas ng tatlong (3) taon simula ng kanilang pagkakahirang. Maaaring mas maiksi sa tatlong (3) taon ang kanilang termino kung naputol ito sa alin mang sumusunod na paraan:

1. Pagbaba sa puwesto;
2. Paglipat ng tirahan o lugar ng trabaho;
3. Pagbawi ng *appointment* ng Punong Barangay na sinangayunan nang mayoryang miyembro ng Lupon;

Hindi maaring buwagin ng Punong Barangay ang buong Lupon at mag organisa nang panibagong Lupon habang hindi pa natatapos ang termino ng kasalukuyang miyembro ng Lupon dahil sa ganitong sitwasyon wala nang mayoriang boto na maaring magbigay pahintulot sa mas maagang pagtanggal ng sino man sa Lupon.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 14 6/5/15 11:04 AM

Ang dahilan kung bakit tatlong (3) taon ang termino ng miyembro ng Lupon ay para isabay ito sa termino ng Punong Barangay. Pero pinapayagan ng LGC ang posibleng *hold-over* o pagpapatuloy ng termino kahit lumampas ito ng tatlong (3) taon habang pinoproseso pa ng bagong halal na Punong Barangay ang pagbuo ng Lupon.

## BAKANTENG POSISYON SA LUPON

***Ano ang mangyayari kung may bakante sa Lupon?***

Sa sitwasyon kung saan at sa kung ano mang dahilan ay nagkaroon ng bakanteng posisyon sa Lupon, ang Punong Barangay ay agad na hihirang ng kuwalipikadong tao na uupo sa natitirang panahon ng panunungkulan ng umalis na miyembro.

## KAPANGYARIHAN AT RESPONSIBILIDAD NG LUPON

***Anu-ano ang mga responsibilidad o tungkulin ng Lupon sa barangay?***

Ang mga responsibilidad o tungkulin ng Lupon ay ang mga sumusunod:

1. **Administratibong Pamamalakad *(administrative supervision)***

   Magbigay ng administratibong pamamahala sa proseso ng paglutas nang alitan na ipinapasunod ng Lupon.

   Ang Lupon ay may pananagutan na pangasiwaan at pamahalaan ang Pangkat ng Tagapagkasundo o *conciliation panel*. Obligasyon din ng Lupon na tingnan kung kumpleto ang kagamitan ng Pangkat at kung ginagawa nila ang kanilang trabaho.

2. **Regular na *Meeting***



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 15 6/5/15 11:04 AM

Magpulong ng isang beses sa bawat buwan para sa pagpapalitan ng mga ideya na may kaugnayan sa paglutas ng hidwaan at para ang lahat ng miyembro ng Pangkat Tagapagkasundo ay makapagpahayag at maipaabot ang kanilang obserbasyon at karanasan sa paggawad ng mabilis na resolusyon sa hidwaan.

### 3. Pagbawi ng *Appointment*

Sumangayon sa Punong Barangay sa pamamagitan ng mayoriang boto ng lahat ng miyembro ng Lupon sa pagbawi ng paghirang sa katungkulan o *appointment* ng isang miyembro ng Lupon sa dahilan na hindi nito kayang gampanan ang mga responsibilidad at tungkulin ng isang miyembro ng Lupon.

### 4. *Execution* ng kasunduan o *award*

Ipatupad sa pamamagitan ng Punong Barangay ang kasunduan o desisyon na sinang-ayunan ng mga partido sa hidwaan, at

### 5. Iba pang tungkulin at kapangyarihan

Ipatupad ang iba pang kapangyarihan, responsibilidad at tungkulin na iginawad ng batas o ordinansa.

## KALIKASAN NG TRABAHO AT SERBISYO NG LUPON

### *Ano ang kalikasan ng trabaho at serbisyo ng Lupon?*

1. Ang mga miyembro ng Lupon, habang ginagawa ang kanilang opisyal na tungkulin o nasa okasyon ng paggawa nito ay tatawaging *persons in authority* ayon sa katuturan na nakalagay sa *Revised Penal Code*.

   Ang tinatawag na *persons in authority* ay ang mga pampublikong opisyal na binigyan ng hurisdiksiyon o kapangyarihan na magpatupad ng batas.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 16 6/5/15 11:04 AM

Importanteng malaman kung sino ang mga itinuturing na *persons in authority* ayon sa batas upang maiwasan ang posibleng paglabag sa *direct assault*, isang krimen sa ilalim ng *Revised Penal Code* na nagpaparusa sa sino man na umatake, gumamit ng pwersa, nanakot o nanlaban sa *persons in authority* o sa kanyang *agent* habang ang huli ay gumaganap sa kanyang tungkulin.

2. Ang mga miyembro ng Lupon ay manunungkulan nang walang sahod maliban na lamang sa mga insentibo na ibibigay ng barangay, munisipyo o lungsod.

   Ang *Department of Interior and Local Government (DILG)* ay magpapatupad ng isang sistema na magbibigay ng pang-ekonomiya at iba pang insentibo sa mga miyembro ng Lupon at Pangkat na nagpapakita ng husay at abilidad sa hustisya at paglutas ng mga hidwaan na inilalapit sa barangay.

   Habang ipinapatupad ng Lupon at ng mga miyembro ng Pangkat ang kanilang tungkulin, maging sila man ay nasa pribado o pampublikong ahensya, sila ay ituturing na nasa opisyal na oras ng trabaho. Dahil sa nasabing rason, hindi maaring bawasan ang kanilang sweldo o gastusin sa trabaho.

# III. PANGKAT TAGAPAGKASUNDO/CONCILIATION PANEL
## Konsepto, Komposisiyon at Organisasyon



### KONSEPTO NG PANGKAT TAGAPAGKASUNDO O CONCILIATION PANEL

***Ano ang Pangkat Tagapagkasundo o Conciliation Panel?***

Sa bawat hidwaan na idudulog sa Lupon, bubuo ng *conciliation panel* na tatawaging Pangkat Tagapagkasundo o sa maikling tawag ay Pangkat.

Ang Pangkat ay ang *panel of conciliators* o *arbitrators* na bubuohin sa bawat hidwaan na hindi naayos sa pamumuno ni Punong Barangay o Lupon Chairperson.

### KOMPOSISIYON NG PANGKAT AT PARAAN NANG PAGPILI

***Ano ang komposisyon ng Pangkat? Paano ito pipiliin?***

Ang Pangkat ay binubuo ng tatlong (3) miyembro na pipiliin ng dalawang partido sa hidwaan mula sa listahan ng mga miyembro ng Lupon. Ang dalawang partido ay pipili rin ng pang-apat na miyembro bilang *alternate* na miyembro ng Pangkat.

***Ano ang mangyayari kung hindi magkakasundo ang dalawang partido kung sino ang magiging miyembro ng Pangkat?***



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 18 6/5/15 11:04 AM

Kung sakaling hindi magkasundo ang dalawang partido kung sino-sino ang magiging miyembro ng Pangkat, ang Lupon Chairperson ang pipili sa pamamagitan ng pagbunot ng tatlong (3) pangalan mula sa listahan ng mga miyembro ng Lupon. Ang mga mapipili ang bubuo sa Pangkat.

Ang batas tungkol sa Katarungang Pambarangay ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga partido sa hidwaan na pumili ng magiging miyembro ng Pangkat. Ito ay ayon sa paniniwala na mas madaling maayos ang anumang hidwaan o hindi pagkakaintindihan ng mga partido kung malaya nilang pipiliin ang mga *panel of conciliators.* Kaya naman ang pagpili sa pamamagitan ng pagbunot ng pangalan ang pinaka huling pwedeng gawin kung hindi magkakasundo ang mga partido.

***Pwede bang piliin ang Punong Barangay na maging miyembro ng Pangkat?***

Oo. Ang Punong Barangay ay maaring piliin ng partido sa hidwaan na maging miyembro ng Pangkat at maari rin siyang maging *Chairperson* ng Pangkat. Wala namang *express* o *implied* na pagbabawal ang batas sa pakikilahok ng Punong Barangay bilang miyembro ng Pangkat kinakailangan lang na isa siya sa tatlong miyembro na malayang pinili ng partido sa hidwaan.

## OPISYALES NG PANGKAT

***Sinu-sino ang tatayong opisyal ng Pangkat?***

Ang tatlong (3) miyembro na bumubuo sa Pangkat ay pipili ng isa sa kanila na magsisilbing *Chairperson* at isa bilang kalihim sa pamamagitan ng mayoriang boto.

Ang kalihim ng Pangkat ay iba pa sa kalihim ng Lupon dahil ang kalihim ng Pangkat ay manggagaling sa tatlong miyembro na pinili sa listahan ng Lupon at magsisilbi rin bilang *conciliator o arbitrator* sa mga hidwaan. Habang, ang kalihim ng Lupon ay hindi maaring makialam sa pagdinig at usapan sa Lupon. Ang trabaho niya ay limitado lamang sa mga gawaing *secretarial* tulad ng pagrekord,



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 19 6/5/15 11:04 AM

pag-tanggap at pag-*file* ng mga dokumento, pag-isyu ng *certification* at iba pang kaparehong trabaho.

## PANGKAT CHAIRPERSON

### *Ano ang mga kapangyarihan at responsibilidad ng Chairperson ng Pangkat?*

Ang mga sumusunod ay ang kapangyarihan at responsibilidad ng Chairperson ng Pangkat ay:

1. Pamunuan ang lahat na pagdinig na isasagawa ng Pangkat at pangasiwaan ang panunumpa sa anumang bagay na may kaugnayan sa pagpapatupad ng batas sa Katarungang Pambarangay;
2. Mag-isyu ng *summons* para sa personal na paghaharap ng mga partido at ng testigo sa Pangkat;
3. Magpatunay at ipatupad ang napagkasunduan ng bawat partido sa harap ng Pangkat;
4. Pamunuan ang mga arbitration hearings sa pagkakataon na ang mga partido ay nagkasundo na mamagitan ang Pangkat o ipaubaya sa Pangkat ang pag-*arbitrate* sa kanilang hidwaan. Ang kasunduang ito ay kinakailangang nakasulat;
5. Magbigay patunay sa sertipikasyon na inisyu ng kalihim o ng Pangkat para sa pagsampa ng kaso sa husgado o anumang opisina ng gobyerno.

## KALIHIM NG PANGKAT






KaTaRungan_PamBarangaY.indd 20 6/5/15 11:04 AM

### *Ano ang mga gawain ng kalihim ng Pangkat?*

1. Mag-isyu ng *notice* o abiso para sa pagdinig ng Pangkat at siguruhin na maibibigay ito sa mga partido o mga testigo;

2. Ihanda ang *minutes* o tala ng pag-uusap na ipinadaloy ng Pangkat at bigyang patunay ito sa Pangkat Chairperson at sa tamang korte ng lungsod o munisipyo;

3. Irekord sa tala ng paguusap ang hindi pagsunod ng sinumang partido sa *summons* na inisyu ng Pangkat *Chairperson*;

4. Agad na isumite sa kalihim ng Lupon ang lahat ng napagkasunduan ng mga partido at *arbitration awards* na iginawad ng Pangkat;

5. Isumite ang kopya ng tala ng pagdinig sa kalihim ng Lupon at sa tamang korte;

6. Mag-isyu ng sertipikasyon na kinakailangan para sa pagsampa ng kaso sa korte o anumang ahensya ng gobyerno upang dinggin ito. Ipapahayag sa sertipikasyon na may naganap na paguusap sa barangay ngunit walang kasunduan na nagyari o walang personal na pag-uusap na nangyari; at

7. Mag-isyu ng sertipikasyon na pinagbabawalan ang *complainant* na magsampa ng kaso o demanda o ang *respondent* na magsampa ng kontra demanda sa husgado dahil sa sinadyang hindi pagharap ng mga ito sa Pangkat.

## BAKANTENG POSISYON SA PANGKAT

### *Ano ang mangyayari kung may kulang na miyembro ang Pangkat?*

Ang bakanteng pwesto sa Pangkat ay pupunuan sa pamamagitan ng pagpili ng mga partido sa hidwaan mula sa iba pang miyembro ng Lupon. Sakaling hindi magkasundo ang magkabilang partido, ang



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 21 6/5/15 11:04 AM

Lupon Chairperson ay bubunot ng pangalan ng alinman sa natirang miyembro ng Pangkat. Ang pagbunot ay gagawin sa dahilan na ang Punong Barangay ay walang kapangyarihang personal na mamili at upang maiwasan ang pagkiling sa partikular na miyembro ng Lupon.

***Ano ang mga sitwasyon na maaring magbigay sa isang partido ng dahilan upang hingiin na tanggalan ng karapatan o i-disqualify ang miyembro ng Pangkat?***

Sino man sa mga partido ay maaring hingin na i-disqualify ang sinumang miyembro ng Pangkat base sa alin mang sumusunod na dahilan:


a. Relasyon sa mga partido;
b. Pagkiling o pagpabor sa isang partido;
c. Personal na interes sa kaso ng miyembro ng Pangkat; at
d. Iba pang dahilang natuklasan pagkatapos na buohin ang Pangkat.

Ang isyu ukol sa *disqualification* ng miyembro ng Pangkat ay pagpapasiyahan sa pamamagitan ng mayoriang boto ng lahat ng miyembro ng Pangkat. Ang desisyon ng Pangkat sa isyu ng *disqualification* ay magiging pinal.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 22 6/5/15 11:04 AM

# IV. MGA PARTIDO



***Sino ang maaring maging partido sa Sistema ng Katarungang Pambarangay?***

Mga indibidwal na tao lamang at hindi ang tinatawag na *juridical persons* gaya ng korporasyon, *partnership, estate, etc.* ang maaring maging partido sa sistema ng Katarungang Pambarangay. Ito ay naayon sa ipinaguutos ng batas na personal na paghaharap at paguusap ng mga partido upang mapagpasiyahan ang hidwaan sa pagitan nila. Hindi ipinapahintulot ng batas na kinatawan lamang ang haharap sa barangay.

***Maari bang humarap ang mga partido sa pamamagitan ng kanyang abogado o kinatawan? Ano ang exception sa alituntuning ito?***

Hindi. Ipinaguutos ng batas ang personal na paghaharap ng mga partido sa lahat ng proseso sa ilalim ng katarungang pambarangay. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagharap sa pamamagitan ng kinatawan o abogado, maliban na lamang kung ang mga partido o isa sa kanila ay *menor de edad* o itinuturing ng batas na *incompetent*.

Kung ang partido ay isang menor de edad o *incompetent*, pwede siyang tulungan o samahan ng kanyang *next of kin* o kamag-anak na hindi abogado.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 23 6/5/15 11:04 AM

### *Ano ang dahilan ng pagbawal sa kinatawan o abogado na humarap sa proseso ng Katarungang Pambarangay?*

Ipinagbabawal ang pagharap ng kinatawan o abogado dahil ang pinaka layunin ng proseso sa Katarungang Pambarangay ay ang mapayapang paguusap ng mga partido sa hidwaan. Ang layuning ito ay maaring mabaliwala dahilan sa ang tungkulin ng abogado ay ang protektahan ang interes ng kanyang kliyente.

### *Sino-sino ang sakop ng proseso sa Katarungang Pambarangay?*

Ang mga partido sa proseso ng Katarungang Pambarangay ay kinakailangang nakatira sa parehong lungsod o munisipyo. Sa pagkakataon na ang mga partido ay nakatira sa barangay nang magkaibang lungsod o munisipyo, hindi na kinakailangan na sila ay dumaan sa proseso ng Katarungang Pambarangay maliban na lamang kung ang nasabing mga barangay ay magkatabi at napagkasunduan ng bawat partido na ipasailalim ang kanilang hidwaan sa mapayapang paguusap sa harap ng tamang Lupon.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 24 6/5/15 11:04 AM

## V. AWTORIDAD O HURISDIKSIYON NG LUPON



### *Ano ang sakop ng awtoridad ng Lupon?*

Ang Lupong Tagapamayapa ay isang *administrative body* na ginawa ng batas upang pamahalaan ang sistema ng hustisya sa barangay. Sa legal na perspektibo, ang Lupon ay hindi hukuman. Ang Lupon o Pangkat ay hindi naglilitis at nagdedesisyon ng kaso kagaya ng ginagawa ng hukuman.

Ang pangunang paraan sa pagayos ng hidwaan sa nibel ng barangay ay tinatawag na *amicable settlement* o payapang kasunduan, kung saan hinuhugot mula sa mga partido ang resolusyon ng hidwaan sa pamamagitan ng *mediation proceedings* kung ang paguusap ay gagawin sa harap ng Punong Barangay o *conciliation proceedings* kung ito naman ay gagawin sa harap ng Pangkat Tagapagkasundo.

Ang *arbitration proceedings* o ang proseso kung saan may taong didinig at magdedesisyon sa kaso ay nangyayari kapag nagkasundo ang mga partido na isumite ang kanilang hidwaan sa ganitong paraan. Sa pagkakataong ito, ang mga partido ay nasa ilalim ng obligasyon na sundin ang ano mang desisiyon na nakapaloob sa *arbitration award* na ibibigay ng arbitrators. Ang kasunduan na idaan sa *arbitration proceedings* ang hidwaan ay kinakailangang nakasulat. Ang magsisilbing *arbitrator* ay ang Lupon Chairperson o Pangkat.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 25 6/5/15 11:04 AM

## *Maari bang magpataw ng parusang contempt of court ang Lupon o Pangkat?*

Ang Lupon ay walang kapangyarihan kagaya ng korte na magpataw ng parusa para sa mga lapastangang gawain o *contemptuous acts*, kagaya ng sinadyang hindi pagsunod sa mga kautusan ng Lupon.

Sinasabi sa LGC na ang *municipal o city courts* lang ang maaring magparusa para sa di-tuwirang paglapastangan sa hukuman o *indirect contempt of court* sa pamamagitan ng pagsampa ng kaukulang reklamo ng Lupon *Chairperson* o Pangkat *Chairperson* o sino man sa mga partido ng hidwaan.

## *Maari bang magpataw ng parusang multa o pagkakabilanggo ang Lupon o Pangkat?*

Walang kapangyarihan ang Lupon o Pangkat na magpataw ng multa o pagkakabilanggo sa mga kasong isinasampa dito kahit pa nagkasundo ang mga partido na susundin ang *arbitration award* ng Lupon Chairperson o Pangkat. Ito ay sa dahilan na ang *arbitration proceedings* ay hindi katulad ng *criminal proceedings*. Sa *arbitration proceedings*, ang mga karapatan ng akusado katulad ng pagkakaroon ng abogado ay hindi sinusunod.

## *Ano ang ibig sabihin ng hurisdiksiyon? Ano ang pagkakaiba nito sa venue?*

Ang hurisdiksiyon ay tumutukoy sa awtoridad na pakinggan at desisyunan ang isang kaso. Ito ay ipinasiya ng batas at hindi maaring ipaubaya sa kasunduan ng mga partido.

Ang venue naman ay tumutukoy sa lugar kung saan dapat dinggin at bibigyan ng desisyon ang kaso. Hindi katulad ng hurisdiksiyon, ang venue ay maaring mapasailalim sa kasunduan ng mga partido maliban na lamang kung ito ay kasong kriminal.

Dahil hindi itinuturing na isang korte na may kapangyarihang magdinig at magdesisyon ng kaso ang Lupon, *scope of authority* ang



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 26 6/5/15 11:04 AM

nararapat na itawag at hindi hurisdiksiyon kung ang paguusapan ay ang mga kasong sakop ng o kinakailangang dumaan sa Katarungang Pambarangay.

### *Anu-ano ang mga bagay o kasong maaring aregluhin o dapat dumaan muna sa Lupon? Anu-anong mga kaso naman ang hindi kinakailangang dumaan sa Lupon?*

Ang Lupon ng bawat barangay ay mayroong awtoridad o kapangyarihan na tulungan ang dalawang partido na nakatira sa parehong siyudad o munisipyo para sa *amicable settlement* ng mga hidwaan, maliban na lamang sa mga sumusunod:

1. Kung ang isang partido ay ang gobyerno o anumang ahensya at opisina ng gobyerno kasama rin ang subdibisyon o *instrumentalities* nito;

   Ang gobyerno o anumang subdibisyon o *instrumentalities* nito ay hindi itinuturing na indibidwal o tao na maaring maging partido sa Katarungang Pambarangay. Sa ganito, gustong iwasan ng batas ang posibilidad na gamitin ng gobyerno ang kanyang impluwensya upang mas mabigyan ito ng pabor sa anumang kasunduan na mangyayayri sa ilalim ng Katarungang Pambarangay.

   Gayun pa man, kung maliban sa gobyerno ay may kasangkot pang pribadong tao sa magkabilang partido sa hidwaan kinakailangan pang dumaan ito sa Katarungang Pambarangay.

2. Kung ang isang partido ay opisyal o empleyado ng gobyerno at ang hidwaan ay may kaugnayan sa kanyang opisyal na trabaho;

   Hindi sapat na ang isang partido ay opisyal o emplayado lang ng gobyerno, kinakailangan na ang kanyang reklamo o ang reklamo sa kanya ay may kinalaman sa kanyang opisyal na tungkulin o trabaho.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 27 6/5/15 11:04 AM

Ang isang administratibong reklamo na isinampa laban sa isang pampublikong opisyal ay hindi maaring idaan sa *amicable settlement* dahil ito ay salungat sa polisiya ng estado na bantayan ang responsibilidad, integridad, at propesyonalismo ng mga nasa pampublikong serbisyo. Ito ay alinsunod sa prinsipyo na "*public office is a public trust*".

3. Mga krimen o paglabag sa batas na may parusang pagkakakulong na hindi hihigit sa isang (1) taon o multa na hindi bababa sa limang libong piso (5,000.00);

Ang patakaran sa ngayon tungkol sa sibil na pananagutan o *civil liability* sa anumang krimen ay maari na itong isailalim sa kasunduan ngunit hindi nito sakop ang karapatan na magsampa ng reklamo para sa pagpataw ng nararapat na parusa.

Ang limitasyon sa awtoridad ng Lupon ay hindi angkop sa mga pribadong krimen na maaring patawarin ng na-agrabyadong partido. Ang mga halimbawa ng pribadong krimeng ito ay *rape, seduction, abduction, acts of lasciviousness, adultery at concubinage.*

Ang ano mang kasunduan tungkol sa mga krimeng hindi sakop ng awtoridad ng Lupon ay hindi maaring ipatupad. Gayon din, hindi ito maaring makapigil sa na-agrabyadong partido na isampa ang nararapat na kaso sa korte.

Mga halimbawa ng krimen na sakop ng Lupon:

*a. Other Light threats (RPC, Art. 285)*
*b. Unlawful arrest (RPC, Art. 269)*
*c. Grave threats (Rpc, Art. 282, par.2)*
*d. Light threats (RPC, Art. 283)*
*e. Light coercions (RPC, Art. 287)*
*f. Less serious physical injuries (RPC, Art 265, par. 1 and 2)*
*g. Slight physical injuries and maltreatment (RPC, Art 266)*
*h. Estafa (RPC, Art. 315, par 4)*
*i. Other forms of Estafa (RPC, Art 316)*
*j. Swindling a minor (RPC, Art. 317)*
*k. Other deceits (RPC, Art 318)*



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 28 6/5/15 11:04 AM




4. Mga paglabag kung saan walang pribadong taong nasaktan (*no private offended party*)

Ang halimbawa ng mga krimen na ito ay *littering, gambling, jay walking, public scandal, vagrancy* at *prostitution.* Sa mga krimeng nasabi ay walang maaring kumatawan para sa publiko. Ang publiko ang may interes na magsakdal sa mga kasong ito.

5. Kung ang paksa o *subject* ng hidwaan ay *real property/ies* na matatagpuan sa ibang lungsod o munisipyo, maliban na lang kung ang magkabilang partido ay nagkasundo na ayusin ang kanilang hindi pagkakaintindihan sa pamamagitan ng mapayapang usapan sa harap ng tamang Lupon.

6. Mga hidwaan sa pagitan ng mga taong *actually residing* sa barangay ng magkaibang lungsod o munisipyo maliban na lamang kung ang nasabing mga barangay ay matatagpuang magkatabi at ang bawat partido ay nagkasundo na aregluhin ang kanilang hidwaan sa pamamagitan ng mapayapang usapan sa harap ng tamang Lupon.

Ang ibig sabihin ng *actually residing* ay ang pisikal na presensya sa lugar.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 29 6/5/15 11:04 AM

Sa isang DOJ *Opinion* sinabi ng Secretary of Jusctice na ang isang taong regular na umuuwi tuwing katapusan ng lingo sa isang lugar maliban sa lugar kung saan sya ay aktwal na nakatira ay maituturing na nakatira sa unang nasabing lugar. Gayon din ang Korte Suprema, sa isang kaso, ay nagdesisyon na ituturing na residente ng barangay ang isang taong madalas umuwi dito simula lunes hanggang biyernes para sa kanyang trabaho.

Pero para sa mga taong bihirang tumira sa isang barangay o yung mga bumibisita lamang, sila ay hindi maaring ituring na residente ng barangay at hindi sila maaaring maging partido sa kaso sa barangay.

Sa pagkakataon kung saan ang isa sa inirereklamo ay nakatira sa ibang lungsod o munisipyo, ang kanilang kaso ay hindi sakop ng Katarungang Pambarangay kahit na ang nagrereklamo at iba pang inirereklamo ay aktwal na nakatira sa iisang barangay.

7. Mga iba pang klase ng hidwaan na pagpapasiyahan ng Presidente para sa interes ng hustisya o sa rekomendasyon ng *Secretary of Justice*.

Ang Korte Suprema noong Hulyo 15, 1993 ay nagdagdag sa mga kaso na hindi na kinakailangan pang dumaan sa Katurangang Pambarangay. Ang mga ito ay nakapaloob sa *Administrative Circular No. 14-93.* Ito ay ang mga sumusunod:

a) Reklamo laban sa o reklamo ng isang korporasyon, *partnership o judicial entity;*



b) Kung ang hindi pagkakaintindihan ay tungkol sa implementasyon ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL);

c) Mga pagtatalo o hindi pagkakaintinhan na may kinalaman o nag-uugat sa *employer-employee relationship*. Ang



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 30 6/5/15 11:04 AM

hurisdiksiyon nito ay nasa *Department of Labor of Employment (DOLE)*;

d) Aksyon para ipawalang bisa ang desisyon na naabot sa pamamagitan ng pagkakasundo ng dalawang partido;

e) Mga kasong nangangailangan nang agarang solusyon para maiwasan ang kawalan ng katarungan

   i. Kasong kriminal kung saan ang akusado naka-*detain* o nakakulong na sa presinto;

   ii. Kung ang personal na kalayaan ng isang tao ay pinipigilan o ang isang taong inalisan ng karapatan sa pangangalaga sa isang partikular na tao at siya ay humihingi ng prosesong *habeas corpus*

   iii. Kung ang aksyon ay may kasamang pansamantalang remedyo tulad ng *preliminary injunction, attachment* ng mga ari-arian, pagdala ng personal na gamit at suporta *pendante lite*; at

   iv. Kung ang aksyon ay ipinagbabawal base sa mga limitasyon na ibinibigay ng batas *(Statute of Limitations)*.

f) Iba pang mga kasong pagpapasiyahan at idedeklara ng Presidente base sa rekomendasyon ng *Secretary of Justice*.

8. Kung ang kaso ay may kinalaman sa karahasan laban sa kababaihan at sa kanyang anak na nakasaad sa Republic *Act No. 9262*, pinagbabawalan ang barangay na mamagitan o aregluhin ang hidwaan sa ilalim ng Katarungang Pambarangay.

***Maari bang magdesisiyon ang korte na bago dinggin ang kaso ay idaan muna ito sa Lupon kahit ang kaso ay hindi sakop ng awtoridad ng Lupon?***

Maaring magdesisiyon ang korte kung saan isinampa ang kasong hindi kriminal, na ipasailalim ito sa awtoridad ng Lupon upang aregluhin ang kaso kahit ito ay hindi sakop ng awtoridad ng Lupon. Subalit, kinakailangan na ang desisiyon ay gagawin bago pa man simulan ang pagdinig sa nasabing kaso.

## VI. VENUE




***Ano ang ibig sabihin ng venue? Ano ang pagkakaiba nito sa hurisdiksiyon?***

Ang *venue* ay ang lugar kung saan dapat dinggin o desisyonan ang kaso. Hindi kagaya ng hurisdiksiyon, ito ay maaring pagkasunduan ng mga partido maliban na lamang kung ito ay kasong kriminal.

Ang hurisdiksiyon ay ang awtoridad na dinggin at desisyonan ang kaso. Ito ay pinagpapasiyahan ng batas at hindi maaring ipaubaya sa kasunduan ng mga partido.

***Saan ang venue ng mga hidwaan sa barangay? Saang barangay dapat isampa ang mga reklamo, hidwaan o di pagkakasundo sa isang lungsod o munisipyo (Venue of Disputes)***

Ang mga sumusunod ay ang lugar kung saan dapat dinggin ang mga hidwaan sa barangay:

a) Ang away o di-pagkakaintindihan ng dalawang tao na aktwal na nakatira sa parehong barangay ay dapat dalhin para sa *amicable settlement* sa harap ng Lupon ng nasabing barangay.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 32 6/5/15 11:04 AM

b) Kung ang mga partido ay nakatira sa magkaibang barangay na matatagpuan sa parehong munisipyo o lungsod, dapat dalhin ang reklamo sa barangay kung saan nakatira ang inirereklamo (*respondent*) o alin man sa kanila kung sakaling mahigit pa sa isa ang inirereklamo, alinsunod sa kagustuhan ng nagrereklamo (*complainant*).

c) Ang mga hidwaan tungkol sa *real property/ies* o ano mang interes na nakapaloob doon ay dapat na isampa sa barangay kung saan matatagpuan ang real property o ang mas malaking bahagi nito.


d) Ang mga hidwaan na nangyari sa lugar na pinagtatrabahohan o sa paaralan ng mga partido ay dapat isampa sa barangay kung saan ang lugar na pinagtatrabahohan o ang paaralan ay matatagpuan.

### *Paano kung may pagtutol o hindi pagsangayon sa lugar o venue?*

Ang hindi pagsangayon tungkol sa venue ay kailangang ipaalam sa *mediation proceedings* sa harap ng Punong Barangay; kung hindi ito ipapaalam, ito ay ituturing na pagtalikod *o waiver* ng kanyang karapatan.

Ano mang legal na katanungan na posibleng harapin ng Punong Barangay sa paglutas ng katanungan tungkol sa *venue* ay kailangang isumite sa *Secretary of Justice* o sa kanyang kinatawan kung saan ang kanilang desisyon ay may puwersa ng batas.

## VII. PROSESO NG KATARUNGANG PAMBARANGAY




***Ano ang kahalagahan ng proseso ng Katarungang Pambarangay sa pagsasampa ng kaso?***

Ang proseso ng Katarungang Pambarangay ay isang kondisyon bago isampa ang reklamo sa korte. Walang reklamo, petisyon, o anumang aksyon, o *proceeding* na may kinalaman sa ano mang bagay na sakop ng awtoridad ng Lupon ang maaring isampa sa korte o ahensya ng gobyerno para sa pagpapasiya, maliban na lamang kung walang kasunduan na naabot matapos ang mediation at conciliation base sa sertipikasyon ng kalihim o ng Lupon Chairperson o Pangkat Chairperson o kung binalewala ng parehong partido ang *amicable settlement.*

***Kelan maaring agad na lumapit sa korte ang mga partido na hindi na kinakailangan pang dumaan sa proseso ng Katarungang Pambarangay?***



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 34 6/5/15 11:04 AM

Ang mga partido ay maaring dumulog agad sa korte sa mga sumusunod na pangyayari:

1. Kung ang akusado ay naka-kulong;
2. Kung ang personal na kalayaan ng isang tao ay napahamak at kinakailangang humingi ng prosesong *habeas corpus*;
3. Kung ang aksyon o reklamo ay may kasamang pansamantalang remedyo tulad ng *preliminary injunction, attachment* ng mga ari-arian, *replevin*, at *support pendente lite*;
4. Kung ang aksyon ay pinagbabawal base sa limitasyon alinsunod sa batas.

Kung kaya, kahit na ang kaso ay kasama sa awtoridad ng Lupon pero ito ay katulad ng mga nabanggit sa itaas, maari na itong direktang isampa sa korte.

### *Anu-ano ang mga hakbang na maaring gawin para sa pag-areglo ng mga hidwaan?*

Sa ilalim ng sistemang Katarungang Pambarangay, may tatlong paraan para maayos ang mga hidwaan, ito ang mga sumusunod:

1. *Amicable settlement* (mapayapang paguusap)
2. *Conciliation* (pagkakasundo)
3. *Mediation* (pamamagitan)

Ang *mediation* ay isang proseso kung saan ang mga partido ay nag-uusap sa harap ng Punong Barangay para ayusin ng mapayapa o *amicably* ang kanilang hidwaan. Ang anuman na mapagkasunduan ng mga partido ay tatawaging *amicable settlement.*

Ang *conciliation* ay halos parehas ng *mediation.* Ang pag-kakaiba lamang nito ay hindi na sa harap ng Punong Barangay mag-uusap ang mga partido kundi sa harap na ng Pangkat Tagapagkasundo o *Conciliation Panel.* Mangyayari ang *conciliation* kung ang mga partido ay hindi nagkaroon ng amicable settlement sa antas pa lamang ng Punong Barangay. Sa sitwasyong ito at matapos



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 35 6/5/15 11:04 AM

gawin ang lahat na remedyo upang magkasundo ang bawat partido, isasangguni ng Punong Barangay ang reklamo sa Conciliation Panel o Pangkat. Ang mabubuong kasunduan sa pamamagitan ng *conciliation* ay tatawaging *amicable settlement.*

Ang *arbitration* ay isang proseso sa paglutas ng hidwaan kung saan ang mga partido ay nagkasundo na susunod sa ibibigay na desisyon o susunod sa resulta ng *arbitration* na pamumunuan ng Lupon Chairperson o Pangkat. Ang desisiyon ng mga *arbitrators* ay tatawaging *arbitration award*

## MEDIATION




### *Anu-ano ang mga mayor na paraan ng amicable settlement?*

1. Pagsampa ng reklamo sa Barangay at pagbayad ng kinakailangang mga *filing fees*.

   Sino mang indibidwal na may sanhi o dahilan laban sa isang indibidwal na sangkot sa isang bagay na sakop ng awtoridad ng Lupon ay maaring magreklamo.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 36 6/5/15 11:04 AM

Ang reklamo o complaint na ipapaabot sa Lupon *Chairperson* ay maaring pasalita o nakasulat.

Ang *filing fees* na kailangang bayaran sa barangay ay may halagang simula limang-piso (Php. 5.00) hanggang dalawangpong piso (Php. 20.00)

2. Pag-isyu ng *summons* sa inerereklamo at *notice* sa nagrereklamo at sa mga testigo.

   Matapos matanggap ang reklamo ng Lupon *Chairperson* kinakailangan na sa susunod na araw na may trabaho ay ipatawag ang inirereklamo na una ng nabigyan ng notice upang areglohin ang kanilang magkasalungat na interes.

3. Paghaharap-harap ng mga partido sa Lupon *Chairperson.*

   Ang mga partido ay maghaharap–harap sa Lupon *Chairperson* para tulungan ang mga partido na ayusin ang kanilang di pagkakaintindihan. Gayun din, pagsusumikapan ng Lupon Chairperson na magkaroon ng *amicable settlement*.

   Kung sa loob ng labing-limang araw simula sa unang araw ng pagdinig ay hindi nalutas ang hidwaan, ang Lupon Chairperson ay kinakailangan magtalaga ng petsa kung kelan bubuohin ang Pangkat.

### *Paano gagawin ang mga pagdinig o pag-uusap? Ano ang mga exception nito?*

Ang lahat na pagdinig para malutas o maareglo ang hidwaan ay dapat bukas sa publiko at impormal. Subalit, maaring magutos ang Lupon Chairperson o sino man sa miyembro o ang Lupon Chairperson mismo (motu proprio) o sa hiling ng sino man sa partido na huwag ibukas sa publiko ang pagdinig upang mapangalagaan ang pribadong interes at moralidad ng publiko.



KaTaRungan_PamBarangaY.indd 37 6/5/15 11:04 AM

4. Pagtalaga ng petsa sa pagbuo ng Pangkat Tagapagkasundo.

   Ang Lupon Chairperson ay magtatalaga ng petsa para sa pagbuo ng mga Pangkat. Ang pagtatag ng Pangkat ay gagawin sa paraan na itinakda ng batas

   Ang pagsangguni o *referral* ng kaso sa Pangkat ay gagawin lang kung walang nabuong *amicable settlement* ang mga partido sa pamamgitan ng *mediation.*

5. Pagpatawag sa mga partido ng Pangkat.

   Sa loob ng tatlong araw simula ng maitatag ang Pangkat at sa oras na itinakda ng Lupon Chairperson, ang Pangkat ay magtitipon-tipon upang dinggin ang magkabilang partido at ang kani-kanilang testigo, linawin ang mga isyu at sikaping magawa ang lahat na posibilidad tungo sa pagkakaayos ng mga partido.

   Tungo sa layuning ito, ang Pangkat ay maaring mag-isyu ng *summons* para sa personal na pagharap ng mga partido at ng kani-kanilang testigo.

   Sa pagkakataong gustong ipa-*disqualify* ng isang partido ang miyembro ng Pangkat sa alin mang dahilan na itinakda ng batas gaya ng relasyon, pagkiling, interes o kaparehong dahilan na natuklasan matapos mabuo ang Pangkat, ang mga isyu ay aayusin sa pamamagitan ng mayoriang boto ng Pangkat kung saan ang kanilang desisyon ay pinal na.

   Kung magkaroon na ng desisiyon sa isyu ng *disqualification*, pupunuan ang bakanteng posisyon sa paraang itinalaga ng batas.

6. Kasunduan o *settlement* sa ilalim ng Pangkat

